For translated versions of this flier, scan the QR code.
Para obtener versiones traducidas de este volante, escanee el código QR.
Para sa mga isinaling bersyon ng flier na ito sa Tagalog, i-scan ang QR code
Để xem các phiên bản dịch của tờ thông tin này, vui lòng scan mã QR.
請掃描 QR 碼獲取此傳單的翻譯版本。
للحصول على الإصدارات المترجمة من هذه النشرة، يُرجى مسح رمز الاستجابة السريعة (QR).

SDCommunityPower.org/MoveIn

**Alamin Pa:**

Website:
SDCommunityPower.org

Email:
CustomerService@SDCommunityPower.org

Tumawag sa
888-382-0169

## Community Power

Bumibili ng kuryente mula sa mga renewable na mapagkukunan.



## SDG&E

Naghahatid ng kuryente at namamahala ng mga serbisyo.



## Ikaw

Matamasa ang mas malinis na kuryente sa mga mapagkumpitensiyang presyo.



# Maligayang pagdating sa kapitbahayan!

Kami ang San Diego Community Power, ang iyong tagapagbigay ng malinis na enerhiya na pinapatnubayan ng komunidad. Sa paglipat sa iyong bagong tirahan, ang Community Power na ngayon ang bumubuo ng kuryenteng ginagamit mo.

# Ano ang Aasahan Bilang Isang Customer ng Kuryente sa Komunidad

**Ipinapaliwanag ng seksyong ito ang mga tuntunin at kondisyon ng iyong serbisyo sa paglikha ng kuryente.**

**PAG-ENROLL:** Ang San Diego Community Power ang karaniwang tagapagbigay ng serbisyo ng kuryente para sa mga lungsod ng Chula Vista, Encinitas, Imperial Beach, La Mesa, National City, San Diego, at Unincorporated County ng San Diego. Awtomatiko kang ma-enroll sa serbisyo ng Community Power maliban kung mag-opt out ka nang hindi bababa sa limang araw ng negosyo bago ang petsa ng pagbasa ng iyong metro sa buwan ng pagpapapa-enroll o sa nakatakdang petsa ng pagsisimula ng iyong account. Upang makabalik sa serbisyo ng SDG&E, bisitahin ang aming website sa SDCommunityPower.org o tumawag sa 888-382-0169.

Ang mga account sa loob ng Lungsod ng Encinitas ay awtomatikong i-enroll sa serbisyo ng Power100 ng Community Power. Lahat ng account sa labas ng Lungsod ng Encinitas ay awtomatikong i-enroll sa serbisyo na PowerOn ng Community Power, na nagbibigay ng hindi bababa sa 50% na renewable energy sa mga mapagkumpitensiyang singil. Maaari kang pumili ng hanggang Power100, na nagbibigay ng 100% renewable at carbon-free energy sa mababang premium, o maaari mong piliin ang mas mababa na PowerBase, na nagbibigay ng aming pinakamababang gastos, pinakamababang renewable energy, na nilayon upang maging pinakamalapit sa kasalukuyang batayang alok ng SDG&E sa presyo at nilalaman na renewable energy.

Maaari mong baguhin ang antas ng iyong serbisyo anumang oras. Anumang mga pagbabago sa antas ng serbisyo ng iyong account ay magaganap sa panahon ng iyong susunod na regular na nakatakdang petsa ng pagbasa ng metro. Upang gumawa ng mga pagbabago sa antas ng serbisyo sa iyong kuryente sa Community Power, pakibisita ang aming website sa SDCommunityPower.org o tumawag sa Community Power sa 888-382-0169.

**PANININGIL:** Makatatanggap ka ng isang buwanang singil mula sa SDG&E na kasama ang mga singil ng Community Power sa paglikha ng kuryente. Ang singil sa paglikha ng kuryente ng Community Power ay papalit sa singil sa paglikha ng kuryente ng SDG&E; ang singil ng Community Power ay hindi dobleng singil o karagdagang bayad. Patuloy kang sisingilin ng SDG&E para sa mga serbisyo sa paghahatid ng kuryente. Kung mag-opt out ka sa serbisyo ng Community Power, magpapatuloy ang pagsingil sa iyo ng SDG&E para sa paglikha ng kuryente.

Ang mga singil sa paglikha ng kuryente ng San Diego Community Power ay pinamamahalaan nang may layuning makapagbigay ng mas malinis na kuryente sa mga mapagkumpitensiyang singil. Anumang mga pagbabago sa mga singil sa Community Power ay ipapagtibay sa mga inabisong pampublikong pagdinig ng Lupon ng mga Patnugot ng Community Power. Ang mga pagbabago sa mga singil sa SDG&E o Community Power ay makaaapekto sa mga paghahambing ng gastos sa pagitan ng Community Power at SDG&E.

Ang lahat ng mga customer ng SDG&E at Community Power ay nagbabayad ng buwanang Power Charge Indifference Adjustment (PCIA) at Franchise Fee Surcharge. Isinaalang-alang na ng Community Power ang mga after-market na singil na ito sa pagkalkula ng mga singil. Tingnan ang mga singil ng Community Power at mga paghahambing ng gastos ng SDG&E sa aming website sa SDCommunityPower.org.

**Para sa kumpletong mga tuntunin at kondisyon ng serbisyo at upang tingnan ang aming Patakaran sa Pagkapribado, mangyaring bumisita sa SDCommunityPower.org o tumawag sa Community Power sa 888-382-0169.**

# Iyong Enerhiya. Iyong Pagpipilian.

Ang pagiging isang customer ng San Diego Community Power ay nangangahulugan na maaari kang gumawa ng mga pasya tungkol sa iyong enerhiya. Awtomatiko kang naka-enroll sa **Power100, ang aming premium na plano ng serbisyo na nagbibigay ng 100% renewable energy**, ngunit maaari mong baguhin ang iyong plano ng serbisyo o mag-opt out at bumalik sa serbisyo ng SDG&E anumang oras.

| | |
|---|---|
| POWER 100 | **Ang aming premium na plano ng serbisyo sa 100% renewable** |
| POWER ON | **Aming karaniwan at mapagkumpitensyang plano ng serbisyo** |
| POWER BASE | **Ang aming pinakamababang gastos na plano ng serbisyo** |

## Ano ang nagpapaiba sa Community Power?

Ang Community Power ay higit pa sa isang tagapagbigay ng enerhiya. Nakatuon kami sa kung ano ang pinakamahalaga para sa iyo — abot-kaya at maaasahang enerhiya mula sa mga renewable na mapagkukunan. Bilang isang non-profit, ang aming mga kita ay muling ipinupuhunan nang lokal upang:

- **Magdala ng mas mababang singil sa kuryente sa aming mga customer**
- **Palawakin ang mga proyekto ng renewable energy at pagbutihin ang pagiging maaasahan**
- **Mag-alok ng mga diskwento at insentibo na nagbabawas ng mga emisyon, nagpapababa ng mga singil at nagdadala ng mga mapagkukunan sa mga komunidad na kulang sa serbisyo**

Upang malaman ang higit pa tungkol sa Community Power, baguhin ang iyong plano sa serbisyo o mag-opt out at bumalik sa SDG&E, bisitahin ang aming website sa **SDCommunityPower.org** o tumawag sa 888-382-0169.